# Ang katulad ng limang beses na salah ay katulad ng malaking sapa na umaagos sa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito sa bawat araw ng limang beses.

Mula kay Jabeer (malugod si Allah sa kanya) na nagsabi: na nagsabi: Nagsabi ang Sugo ni Allah (pagpalain siya ni Allah at pangalagaan): ((Ang katulad ng limang beses na salah ay katulad ng malaking sapah na umaagos sa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito ng limang beses sa isang araw)). At ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allah sa kanya) na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ng Allah nagsabi: ((Nakita niyo ba kapag ang sapa ay nasa harap ng pintuan ng isa sa inyo at maliligo siya dito ng limang beses sa isang araw mayroon pa kayang matitira na dumi sa kanya?)) Sabi nila: Wala ng dumi matitira sa kanya. Sabi niya: ((Ganon din ang katulad ng limang salah ay kanyang buburahin ang mga kasalanan)).

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

"Inihalintulad ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ang Danas Ma'nawi (makahulugang dumi i.e: kasalanan) sa Danas Hissiy (makikitang dumi i.e: dumi ng tao o hayop), sa ganon kapag ang pag-ligo ng limang beses sa isang araw ay makakaalis ng dumi sa katawan gayundin ang limang salah sa isang araw makakaalis at makakatanggal din mga kasalanan".



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee